Puget Sound Regional Council

**Ang Pamamaraan sa Karaingan ng Puget Sound Regional Council sa ilalim ng Americans with Disabilities Act**

Itinatag ang Pamamaraan sa Karaingan upang matugunan ang mga iniaatas ng Americans with Disabilities Act of 1990 (“ADA”). Maaaring gamitin ng sinumang nagnanais na magsampa ng reklamo na nagbibintang ng diskriminasyon batay sa kapansanan sa pagbibigay ng mga serbisyo, aktibidad, programa o benepisyo ng **Puget Sound Regional Council**. Pinamamahalaan ng Patakaran sa mga Tauhan ng ahensiya ang mga may kaugnayan sa trabaho na reklamo ng diskriminasyon sa kapansanan.

Dapat nakasulat ang reklamo at naglalaman ng impormasyon tungkol sa di-umano'y diskriminasyon tulad ng pangalan, tirahan, numero ng telepono ng nagrereklamo at lokasyon, petsa  at paglalarawan ng problema. Magagamit ng mga taong may kapansanan, kapag hiniling, ang mga alternatibong paraan ng pagsasampa ng reklamo, tulad ng personal na panayam o tape recording ng mga reklamo.

Dapat isumite ang reklamo ng dumadaing at/o kanyang itinalaga sa lalong madaling panahon ngunit hindi lalampas sa 180 araw ng kalendaryo matapos ang di'umanoy paglabag sa:

**Thu Le**
**ADA Coordinator/Human Resources Manager**
**Puget Sound Regional Council**
**1011 Western Ave, Ste 500**
**Seattle, WA 98104**

Sa loob ng 15 araw ng kalendaryo matapos matanggap ang reklamo, makikipagkita si **Thu Le** o ang kanyang itinalaga sa nagrereklamo upang talakayin ang reklamo at ang mga posibleng kalutasan. Sa loob ng 15 araw ng kalendaryo ng pagpupulong, tutugon sa pamamagitan ng panulat, si **Thu Le** o ang kanyang itinalaga, at kung saan naaangkop, sa isang format na naa-access ng nagrereklamo, tulad ng malaking print, Braille, o audio tape. Ipapaliwanag ng tugon ang posisyon ng **Puget Sound Regional Council** at mag-aalok ng mga opsyon para sa tunay na kalutasan ng reklamo.

Kung hindi kasiya-siyang nalutas ang isyu ng tugon ni **Thu Le** o ng kanyang itinalaga, maaring mag-apela sa desisyon ang nagrereklamo at/o kanyang itinalaga sa **Deputy Executive Director**o kanyang itinalaga sa loob ng 15 araw ng kalendaryo matapos tanggapin ang tugon. Sa loob ng 15 araw ng kalendaryo matapos matanggap ang reklamo, makikipagkita ang **Deputy Executive Director** o ang kanyang itinalaga sa nagrereklamo upang talakayin ang reklamo at ang mga posibleng kalutasan. Sa loob ng 15 araw ng kalendaryo, tutugon sa pamamagitan ng panulat, ang **Deputy Executive Director** o ang kanyang itinalaga, at kung saan naaangkop, sa isang format na naa-access ng nagrereklamo, tulad ng malaking print, Braille, o audio tape.

Pananatilihin ng **Puget Sound Regional Council** sa loob ng hindi bababa sa tatlong taon ang lahat ng nakasulat na reklamo na natanggap ni **Thu Le** o kanyang itinalaga, mga apela sa **Deputy Executive Director** o kanyang itinalaga at mga tugon mula sa dalawang tanggapan na ito.